

## Hotel Employees Health and Safety Initiative

### (Inisyatiba sa Kalusugan at Kaligtasan ng Mga Empleado ng Hotel) (SMC 14.25)

Layunin ng Seattle Office of Labor Standards (OLS, Tanggapan ng Mga Pamantayan sa Paggawa) na isulong ang mga pamantayan sa paggawa sa pamamagitan ng maunawain na pakikipag-ugnayan sa komunidad at negosyo, nang may katapatan sa lahi at katarungan sa lipunan. Pinapangasiwaan ng OLS ang ordinansa na ito.



Ang OLS ay nagbibigay ng serbisyo sa pagsalin at interpretasyon ng wika, pati na rin ng tulong para sa mga taong may kapansanan. Dapat maibigay sa bawat nasasaklawang empleyado ang ordinansa na ito o ang katulad na abiso nito, sa wikang Ingles at sa anumang pangunahing wika na ginagamit ng 10+ na mga empleyado.

## Sinasaklaw ng ordinansa na ito ang maraming hindi namamahalang empleyado na nagtatrabaho sa mga hotel sa Seattle na mayroong 60+ na kwarto ng panauhin

### MAY KARAPATAN ANG MGA EMPLEYADO SA MGA SUMUSUNOD:

#### Proteksiyon mula sa karahasan ng panauhin

- Panic button kung mag-isang nagtatrabaho sa kwarto ng panauhin
- Karapatang mag-ulat ng karahasan, pag-atake, sekswal na pag-atake, o sekswal na panliligalig ng panauhin
- Paunang babala na ang panauhin ay may ulat ng nakaraang karahasan

#### Mga proteksiyon pagkatapos mag-ulat ng karahasan ng panauhin

- Paglilipat sa ibang palapag o lugar ng trabaho
- Bayad na oras kapag sumasangguni sa isang tagapayo
- Bayad na oras kapag nagsasampa ng ulat sa pulisya o nagbibigay ng salaysay sa pulisya

#### Proteksiyon mula sa pinsala

- Ligtas na mga kinagawian sa lugar ng trabaho at mga kagamitang pangkaligtasan
- Proteksiyon mula sa paghawak sa mga mapanganib na kemikal
- Impormasyon tungkol sa mga mapanganib na kemikal sa lugar ng trabaho

#### Iba pang mga proteksiyon

- Proteksiyon laban sa paghihiganti
- Karapatang magsampa ng kaso para maipatupad ang mga karapatang ito
- Karapatang magsampa ng pahayag ng pagnanakaw ng sweldo sa Seattle Office of Labor Standards dahil sa kakulangang makabayad ng utang na pera

#### Mga empleyado na nagtatrabaho nang mahigit isang buwan bago may pagbabago ang pagmamay-ari ng hotel

- Nakasulat na alok ng trabaho mula sa bagong employer bago gumawa ng mga bagong alok ang bagong employer
- Pagwawakas ng trabaho para lamang sa "just cause" (makatuwirang dahilan) sa loob ng unang 90 araw sa bagong employer
- Pagtanggap sa trabaho ng bagong employer sa loob ng unang 90 araw ayon sa seniority (tagal ng panunungkulan) sa pag-uuri
- Nakasulat na pagtatasa ng paggawa mula sa bagong employer sa 90 araw sa bagong employer

#### Mga empleyado ng housekeeping sa 100+ na kwarto sa mga hotel

- Karapatang maglinis ng hanggang 5,000 piye kwadrado ng mga kwarto ng panauhin sa loob ng araw na tig-8 oras (o ang angkop na katumbas para sa mas kaunting oras)
- Karapatang boluntaryong magbigay ng pahintulot na maglinis ng karagdang piye kwadrado
- Karapatang tumanggap ng 1.5x na bayad para sa lahat ng oras na ginugol sa paglilinis nang higit sa pinakamataas

#### Mga empleyado na may mababang kita na nagtatrabaho ng 80+ na oras kada buwan sa 100+ na kwarto sa mga hotel

- Karapatang makatanggap ng karagdang bayad para saklawin ang pangmedikal at pangseguro na gastos (sa ilang kaso)
- » *Paunawa: Ang mga empleyado na nagbabayad ng 5% o mas mababa ng kanilang buwanang sahod para sa inalok ng employer, na gold-level na polisiya ay hindi kwalipikado sa karagdang bayad*

#### MGA KARAGDAGANG MADUDULUGAN:

Ang Seattle Office for Civil Rights (Opisina para sa Mga Karapatang Sibil ng Seattle) ay nag-iimbestiga ng mga alegasyon ng sekswal na panliligalig. Tumawag sa: (206) 684-4500  
Ang Washington State Department of Labor & Industries (Kagawaran ng Paggawa at Mga Industriya ng Estado ng Washington) ay nag-iimbestiga ng mga paglabag sa kaligtasan sa lugar ng trabaho. Tumawag sa: 1-800-423-7233

#### Para sa mga Employer

Ang OLS ay nagbibigay ng libreng pagsasanay at tulong sa pagsunod

#### Para sa mga Empleyado

Ang OLS ay nagbibigay ng libreng pagsasanay at imbestigasyon ng pagnanakaw ng sweldo

#### Makipag-ugnayan sa:

**206-256-5297**

[www.seattle.gov/laborstandards](http://www.seattle.gov/laborstandards)